9th Story

# Naglalakad sa tubig

Walking on Water


www.kidsworship.kr

# Naglalakad sa tubig

– 9th Story –




| | |
|---|---|
| Narrator | Isang araw habang si Hesus ay umalis upang manalangin ng magisa, ang kanyang mga alagad ay pumalaot upang mangisda. Ilang oras silang pumalaot sa tubig nang dumating ang isang bagyo. |
| Batholomew | Ohh! Ang lakas ng hangin! |
| Andrew | Tama. Kailangan na nating pumunta sa kabilang dako ng dagat. Papagabi na at napakalakas ng hangin. |
| Peter | Paano si Hesus? Umalis siya upang manalangin. Hindi ba natin siya aantayin? |
| Andrew | Naroroon siya kung saan natin siya iniwan. Maari natin siyang balikan bukas. |
| Narrator | Habang naghahanda silang maglayag, lumala ang hangin at alon. Bigla, may nakita si Philip… isang tao… sa tubig! Mukha silang naglalakad sa tubig! |
| | Ahhh! Ahhhhhh!!!!!!!!! Diyos ko! |
| Philip | Philip, Ano yon? Bakit ka sumisigaw? |
| Peter | M-m-m-multooooo!!!! |
| Philip | Ano? Philip pwede ba tulungan mo na --- anong?! Mga kai- |
| Peter | bigan! Tignan niyo! |
| Disciples | Ano yon? Anong? Waoah! Pano nangyari iyan?! |
| Peter | Isang lalaki ang naglalakad patungo satin! |
| Judas | Hindi maaring maglakad ang tao sa tubig! |
| Philip | Multo nga yan!!! |
| Narrator | Ang mga alagad ay gulat na gulat habang ang misteryosong nilalang ay patuloy na naglalakad patungo sa bangka. Pagkatapos, narinig sila ng isang tinig na tila pamilyar. |
| Hesus | Mga lalaki! Huwag kayong matakot! Ako ito! |
| Peter | Panginoon ikaw po ba iyan? Kung tunay ngang ikaw iyan, hayaan mo akong makapaglakad din sa tubig! |
| Hesus | Halika, Pedro |
| Batholomew | Pedro, Sigurado ka ba sa iyong gagawin? |
| Peter | Papunta na ako sa Iyo, Panginoon ko! |
| Hesus | Magaling pedro! Tumingin ka lamang sa akin |
| Peter | Ah! Woah! Guro, nakita mo ba ang laki ng mga alon na ito? |





| | |
|---|---|
| Jesus | Panatilihin mo ang iyong paningin sa akin Pedro |
| Peter | Aahhhh! |
| Jesus | Pedro, huwag mong pansinin ang mga panganib sa paligid mo. Tumingin ka lamang sa akin. Kasama mo Ako. |
| Peter | Mahirap Panginoon! Di ko po kaya! Lumulubog na ako!!! |
| Narrator | Habang patuloy na tinitingnan ni Pedro ang nakakatakot na paligid, nagsimula siyang lumubog sa tubig. Ngunit iniunat ni Hesus ang kanyang kamay at hinila si Pedro pataas. |
| Jesus | Pedro, aing liit ng iyong pananampalataya. Bakit ka nag-alinlangan? Sinabi ko sa iyo kasama mo Ako. |
| Peter | Patawad po Panginoon |
| Jesus | Halika na, pumunta na tayo sa bangka |
| Narrator | Nang dumating sina Pedro at Hesus sa bangka, tumigil na ang bagyo. Ang tubig ay naging kalmado, at ang langit ay naging malinaw. Ipinakita muli sa mga alagad ni Jesus na siya ay anak ng Diyos, at pinuri siya. |
| Disciples | Kamangha mangha! Totoo ngang Ikaw ang Panginoon! Ikaw ang anak ng Diyos Wala nang Pag dududa! |

"At ang mga nasa daong ay nagsisamba sa kaniya, na nangagsasabi, Tunay na ikaw ang Anak ng Dios" Mateo 14:3